# SULONG!

Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

www.cardmri.com | Tomo 2 Bilang 3 | Abril - Mayo 2015 | P20


# Mga Likha ni Inay, nagbukas ng panibagong sangay sa San Pablo

Ni JEFFREY C. TANDINGAN



*Sabay-sabay na nagpasalamat ang mga ehekutibo at kawani ng CARD MRI sa pagbubukas ng Mga Likha ni Inay outlet sa Ultimart, San Pablo City, Laguna, sa pangunguna ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang founder at managing director ng CARD MRI (pang-anim mula sa kaliwa).*

**Nagbukas ng isang *boutique* ang Mga Likha ni Inay (MLNI), Inc., ang ikalabing-apat na institusyon ng CARD MRI, sa Ultimart Shopping Plaza sa Lungsod ng San Pablo noong Abril 19, 2015.**

Gabay ang misyon ng CARD MRI, ang MLNI ay nagnanais na maghatid ng positibong pagbabago sa buhay ng mga manggagawa at mga miyembro ng CARD MRI sa pamamagitan ng pagdadala ng kanilang mga produkto hindi lamang sa buong Pilipinas maging sa pandaigdigang merkado. Inaabot nito ang mga mananahi, manghahabi, manlililok, at iba pang manggagawa gayon din ang kababaihang may talento sa paglikha ng maipagmamalaking mga produkto.

"Nakita namin ang yaman na matatagpuan sa aming tinutulungang komunidad. Sa mga baryo, may matatagpuan kang mahuhusay sa larangan ng sining. Kahit salat sa kagamitan, ang

**Sundan sa pahina 2**

# Pinakamalaking redokumentasyon ng mass wedding ng CARD MBA idinaos sa Kabacan, North Cotabato

Ni LYNIE JOY T. AMBATANG

Matapos ang matagumpay na pagdaraos ng mass wedding sa Cotabato City, ang Center for Agriculture and Rural Development Mutual Benefit Association Inc. (CARD MBA), nagsagawa uli ng *marriage re-documentation* sa 160 mag-asawa na pawang galing sa Maranao at Maguindanao na tribo sa 8th Avenue, Convention Hall, Kabacan, North Cotabato. Ang nasabing redokumentasyon ay pangatlo at ang pinakamalaking naisagawa ng CARD MBA sa ngayon.

Ang pag-aasawa ay isang mahalagang bahagi sa buhay ng isang tao. Dahil sa kawalan sa buhay, iilan lamang ang nabibigyan ng pagkakataong makapagpakasal. Ang kahirapang ito ay sanhi ng isang malaking antala sa pagpapakasal at pagkuha ng lisensya ng kasal. Upang matulungan na matamasa ang mga benepisyo ngpagsasamang legal, ang CARD MBA ay nanguna sa pagdaraos ng *mass wedding* kasama ang CARD, Inc., isa sa mga nangungunang *microfinance institution* sa Pilipinas.

Ang *mass wedding* ay isang karagdagang serbisyo na ibinibigay sa mga miyembro ng CARD na may *live-in partners* at naging miyembro ng Asosasyon na hindi bababa sa sampung buwan bago ipagdiwang ang kasal. Ang Asosasyon ang gumagastos sa pagkuha ng mga kinakailangang dokumento para sa kasal maliban lamang sa Certificate with No Marriage (CENOMAR).

"Kami ay nagpapasalamat na nag-aalok

**Sundan sa pahina 2**

# CARD MRI, katuwang sa pagsusulong ng family planning

Ni JEFFREY C. TANDINGAN

Ang United Nations Population Fund (UNFPA) at ang CARD MRI ay pumirma ng isang letter of intent upang ipaloob ang *family planning program* sa mga serbisyong ibinibigay ng CARD MRI upang matulungan ang mga maralita sa bansa. Nilalayon nitong itaas ang antas ng kamalayan ng mga miyembro ng CARD MRI tungkol sa programang ito upang makapagdesisyon sila nang may kaalaman tungkol sa *family planning.* Ang nasa larawan ay sina (likod, mula sa kaliwa) Rosemarie Espinosa ng BDO Foundation, Camille Rivera ng Micro Credit Summit (MCS) Campaign, Marilyn Manila ng CARD MRI, Steve Hollingworth ng Freedom from Hunger, Larry Reed ng MCS, at Delbert Marquez ng UNFPA; (harap, mula kaliwa) Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang tagapagtatag at tagapamahala ng CARD MRI at Vicente Jurlano, ang National Programme Officer, Population and Development Advocacy ng UNFPA.



## *131 iskolar ng CARD MRI, nagsipagtapos*

Ni RAFFY M. ANTES

Umabot sa 131 ang nakapagtapos na iskolar ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa buong Pilipinas ngayong taong 2015 sa ilalim ng CARD Scholarship Program (CSP). Ayon sa mga field employees ng CARD, lahat ng mga iskolar ay magagaling at ilan sa kanila ay nakapagtapos nang may karangalan.

Ilan sa CARD MRI scholars na nakapagtapos na may karangalan ay sina Rodalyn S. Lagunday ng University of Antique (Magna Cum Laude), Sharmaine Gay Dionela ng Polytechnic State College of Antique (Cum Laude), Lee Saimel Antang ng Aklan State University (Cum Laude), at Chynne M. Cedenio ng Central Mindanao University (Cum Laude).

"Naniniwala ang CARD MRI na edukasyon ang isa sa mabisang paraan para ang isang pamilya ay makaahon sa kahirapan," wika ni Marilyn Manila, direktor ng CARD MRI Community Development Group.

Batay sa pag-aaral na isininagawa kamakailan ng CARD MRI Research Unit, 30% ng anak ng miyembro ng CARD MRI ay walang kakayahang makapagpatuloy ng pag aaral nila sa sekondarya. Samantalang 50% naman ang walang kakayahang makapag-aral sa kolehiyo.

"Kadalasan, kapag nakapagtapos ng elementarya o hayskul ang panganay na anak, nagbibigay daan

**Sundan sa pahina 2**

## MLNI...

(mula sa pahina 1)

mga taong ito ay nakagagawa pa rin ng dekalidad at magagandang produkto na maililinya sa mga tinatangkilik na mga tatak," banggit ng tagapagpagtatag at tagapamahala ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle Alip. "Dahil sa buo naming pagtitiwala sa kanila, ang CARD MRI ay patuloy na tutulong sa mga taong ito na mapagbuti ang kanilang pamumuhay," dagdag pa niya.

"Nagpapasalamat ako sa CARD MRI dahil sa paniniwala nito sa aming kakayahan at sa pagpapakilala ng aming mga produkto sa mas malawak na merkado," bahagi ni Beth Agarao, isang miyembro ng CARD at regular na *supplier* ng MLNI. Ayon pa sa kaniya, dahil sa mga pagsasanay na ibinigay ng CARD MRI, nabigyan siya ng mas malawak na kaalaman kung papaano niya mapalalago ang kaniyang negosyo. Si Beth din ang gumagawa ng baro't saya ng maraming kawani ng CARD MRI.

May apat ng kyosko ang MLNI sa iba't ibang pamilihan sa bansa na nagpapakita ng pagiging malikhain ng mga miyembro ng CARD MRI. Ang mga sangay ng MLNI ay mayroong mga pagkain, inumin, *fashion accessories, apparels* at *souvenir items* para sa mga turista at ito ay maaaring makatulong sa pagpapaangat ng turismo sa lungsod.

"Pinahahalagahan ng CARD MRI ang mga miyembro nito. Nakikita namin ang potensyal at kakayahan nila sa paglipas ng bawat araw. Dahil sa kanilang angking kagalingan, nakikita namin na kaya nilang gumawa ng mga produkto na dapat makita ng buong mundo," sabi ni Chairman Aristeo Dequito ng MLNI, Inc.

Nagsisilbing tulay ng mga miyembro ng CARD MRI ang Mga Likha ni Inay upang maipakita ang kanilang mga produkto sa pamamagitan ng pagtulong mula sa paggawa, pagbenta, pagpapakilala at pagdadala ng kanilang produkto sa pangmalawakang merkado.

Pinangunahan nina Dr. Alip at Mr. Dequito ang pagbubukas ng nasabing *boutique.*




## 131 iskolar ng CARD MRI...

(mula sa pahina 1)

siya upang ang iba pang mga kapatid ang makapag-aral at sa halip na ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral ay nagtatrabaho na lamang. Sa paglipas ng taon, nakita ng CARD MRI ang pangangailangan para sa pag-aaral. Ang pangakong pinanghahawakan ng CARD MRI na maglingkod sa komunidad ang nag-udyok sa amin na ilunsad ang CARD Scholarship Program (CSP) noong 2000," idinagdag ni Manila.

Ang CSP ay programa ng CARD MRI upang siguruhing hindi mahihirapan ang komunidad pagdating sa edukasyon. Nagbibigay ito ng tulong pinansyal sa mga karapat-dapat na estudyante ng *secondary* at *tertiary level*.

"Natupad ko ang aking mga pangarap dahil na rin sa pag-alalay ng CARD sa aking mga magulang," pagbabahagi ni Lee Saimel Antang, isang BS Education graduate ng ASU.

Umaasa si Antang na maipapasa niya ang darating na Licensure Examination for Teachers (LET) ngayong Setyembre 2015 at makakakuha ng trabaho para makatulong sa kaniyang pamilya.

Sa kasalukuyan, si Antang ay nagtuturo ng *remedial classes* sa isang eskwelahan sa Aklan at nag-rereview naman para sa Board Exam tuwing weekend.

Bukod sa scholarship program, sinabi ni Manila na ang CARD MRI ay nagsasagawa ng *special scholarships* na nakalaan para sa mga mahirap *(hardcore poor)* at ito ang CSP 2.

Ang CARD MRI ay patuloy na nakikipagtulungan sa Brokenshire College ng Davao City para sa offering ng kursong BSBA major in Microfinance at sa Forbes College para sa kursong BS in Microfinance. Ang mga programang ito ay nakalaan para sa mga anak ng miyembro ng CARD.

Pinaglalaanan din ng Brokenshire College ang iba't ibang Indigenous People (IPs) sa Mindanao. Ang IP scholarship o CSP-IP ay bukas para sa mga anak ng miyembro at miyembro ng CARD sa iba't ibang parte ng bansa.

Kamakailan, ang CARD-MRI Development Institute (CMDI), ang school of microfinance and development ng CARD MRI ay naaprubahan ng CHED na maghandog ng kursong Bachelor of Science in Entrepreneurship na mayroong *specialization* sa Microfinance ngayong *school year*. Ito ang magiging kauna-unahang kolehiyo na itatayo sa Bay, Laguna.

"Nais naming maabot ang mas marami pang mag-aaral lalo na ang mas estudyante na nasa mahihirap na komunidad at may kagustuhang makapagtapos ng pormal na edukasyon. Marami kaming papapasukin na mga iskolar sa CMDI at hangarin namin na sila ay mahubog upang makatulong sa pagpuksa ng kahirapan sa bansa," pagbabahagi ni CARD MRI Founder and Managing Director Dr. Jaime Aristotle B. Alip.

Sa pagtatala noong Marso 2015, ang CSP ay nakatulong sa humigit-kumulang na 5,109 na iskolar; 2,129 dito ay nakapagtapos na. Samantala, ang CARD MRI ay kasalukuyan pa rin na tumutulong sa 1,823 iskolar.

## Cambabang center ng CARD sa Samar, binisita ng media

Ni RAFFY M. ANTES

Nagkaroon ng pagkakataong makipag-ugnayan sa *media partners* ng CARD MRI, ang 22 miyembro ng CARD sa Cambabang 2 *center* sa Cambabang, Western Samar. Ang mga *media partners* ay kalahok sa isang study tour ng CARD na tinatawag na Lakbay-Aral na ginanap sa Tacloban, Leyte at Basey, Western Samar noong 22-23 Abril 2015.

Kabilang sa nasabing aktibidad ng lakbay-aral ng mga *media* ay ang pagbisita nila sa isang lingguhang *center meeting* ng CARD. Naglalayon itong maipakita sa mga kalahok at magkaroon ng karanasan sa aktwal na ginagawa ng CARD sa komunidad.

"Mapalad ang Cambabang sa pagkakaroon ng bisita na mga *media*. Sila ay nagkaroon na ng iba't ibang bisita mula sa CARD at mga partner nito, ngunit sa unang pagkakataon ay isang grupo ng *media* ang bumisita rito. Natutuwa akong masasaksihan nila ang natatanging *center meeting* ng CARD," ayon kay Albert B. Avila, area manager ng isa sa mga areas ng CARD, Inc. sa Samar.

"Nagtakda ang CARD ng isang *community organization model*, isang modelo ng *rural development.* Ang uri ng modelong ito ay dapat na lalangin pa," ayon kay Minerva BC Newman, Philippine Information Agency Director ng rehiyon 7 nang tanungin kung paano niya nakikita ang ginagawa ng CARD sa komunidad.

Ang Cambabang center ay itinatag noong 10 Abril 2014, limang buwan matapos ang Typhoon Yolanda. Ayon kay Avila, maraming *center* ang nabuo sa Samar pagkatapos ng malakas na bagyo, na nangangahulugang marami ang nangangailangan ng tulong para sa rehabilitasyon at pagsisimulang muli ng bagong buhay na siya naman agad binigyang tugon ng CARD.

Ibinahagi ng Cambabang ang kanilang kagustuhang magkaroon ng isang *livelihood training*, lalo na sa paggawa ng sabon.

Bilang tugon, ayon kay Avila, magkakaroon pa ng mga pagsasanay hindi lang sa Cambabang kundi sa buong Samar.

Ang CARD ay nakapagsagawa na ng mga *enterprise development trainings* sa Samar bago at pagkatapos ng Typhoon Yolanda, sa pamamagitan ng CARD-

Sundan sa pahina 3

## Pinakamalaking redokumentasyon...

(mula sa pahina 1)

ng ganitong uri ng serbisyo ang CARD dahil karamihan sa amin ay kinasal ayon sa aming tradisyon kaya mag-asawa kami ngunit walang kontrata sa kasal. Ngayon, mayroon na kaming kontrata, na kung saan magagamit na namin di lamang sa pagkuha ng benepisyo sa Asosasyon kundi pati na rin sa pagkuha sa ibang transaksyong pribado man o pampublikong opisina," ibinahagi ng isang grupo ng bagong kasal.

Naghayag ng kanyang pasasalamat sa CARD si Atty. Suharto Amad O., OIC-registrar sa Sharia Court, isang hukumang Muslim, dahil sa pagkakaroon ng parehong mithiin tulad ng sa kanila na tumutuon sa mga pangangailangan ng pamilyang Muslim. Daglian din niyang tinalakay at ibinahagi sa mga bagong kasal ang ibang produkto at serbisyo na mayroon ang CARD MBA na kanilang matatamasa.

"Pangunahing layunin nito na mabigyan ng libreng kasal ang mga miyembro na may kinakasama o nagsasama ngunit hindi pa kasal para masakop ang kanilang mga asawa ng CARD MBA sa Basic Life Insurance. Ang kontrata ng kasal ay magagamit din ng miyembro hindi lamang sa pagkuha ng mga benepisyo mula sa institusyon ngunit pati rin sa kanilang iba pang mga personal na paggamit," ang saad ni Oliver Reyes, Deputy Director of Operations for Mindanao.

Ang CARD MBA ay sangay na institusyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa *insurance*. Ito ay isang hiwalay na institusyon na pag-aari at pinamamahalaan ng mga "miyembro ng Asosasyon". Ang mga institusyon ng CARD MRI tulad ng CARD Inc., CARD Bank Inc., CARD SME Bank Inc., at Rizal Bank Inc. ay awtomatikong nakatala sa CARD MBA.

Sa ngayon, ang CARD MBA ay may kabuuang 2,257,164 na aktibong miyembro at 11,285,820 *insured* na indibidwal.

# CARD, binigyang atensyon ang kalusugan ng mga kababaihan sa Tawi-Tawi

Ni LYNIE JOY T. AMBATANG

Nagsagawa kamakailan lamang ng pagsasanay na nakatutok sa kalusugan ng kababaihan ang CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI), ang school of microfinance and development na kabilang sa CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), isa sa mga nangungunang *social development institution* sa Pilipinas. Ang nasabing pagsasanay ay dinaluhan ng mga kawani ng CARD, Inc. sa Bongao, Tawi-tawi. Dahil dito, inaasahan na mabibigyan ng kaalaman ang mga miyembro na nasa isla ng Sitangkai, Tawi-Tawi, Sibuto, Panglima Sugala, Tandu Bas at Bongao.

"Ang kababaihan ay karaniwang nalalagay sa kapahamakan sa panahon ng kanilang pagbubuntis at panganganak lalo na kung sila ay may mga karamdaman. Ang kababaihan ay kailangang maturuan tungkol sa malusog na pagbubuntis para sa kaligtasan ng kanilang anak," bahagi ni Christian Albert Sandoval, itinalagang direktor para sa pagsasasanay sa Mindanao.

Ang naturang pagsasanay ay isinagawa upang mapaigting ang kaalaman ng mga kasapi ng CARD, ipalaganap ang mas mabuting nutrisyon, at pangangalagang pangkalusugan. Ang mga modyul ay ihahatid ng mga account officers sa mga miyembro ng CARD sa pamamagitan ng Credit with Education o CwE sa lingguhang pagpupulong nito. Kaakibat nito, ang mga institusyon ay umaasang mapapataas pa ang antas ng pamumuhay sa Pilipinas lalong-lalo na sa Tawi-Tawi.

Ang modyul ay binubuo ng mga sumusunod: Kahalagahan ng Kalusugan ng Kababaihan, Pagkain para sa Kalusugan, Malusog na Pagbubuntis, Ligtas na Panganganak, Mga Tulong Upang Matigil ang Karahasan Laban sa Kababaihan at Plano para sa Kalusugan ng kababaihan. Espesyal itong dinisenyo, kung saan ang bawa't sesyon ay may tagal na labilimang minuto, upang makamit ang pangangailangan ng mga mahihirap na kababaihan sa liblib na lugar.

"Hindi kami mga health worker, ngunit kami ay mga guro para sa mainam na pangangalaga ng maternal health. Layunin namin na pagaanin ang mga posibleng panganib sa kalusugan sa pamamagitan ng edukasyon upang magkaroon ng malusog na ina at sanggol sa kapuluan ng Pilipinas," dagdag pa ni Sandoval.

Ang CWE ay isa sa mga serbisyo na binibigay sa mga miyembro ng CARD MRI. Mula ito sa pinapahalagahang partner ng CARD MRI sa loob ng mahabang panahon, ang Freedom from Hunger, isang *non-profit, non-governmental at non-sectarian organization* na nakabase sa Davis, California.

Ang training ay sabay na isinasagawa rin sa Zamboanga.

Nagsimula ang operasyon ng CARD sa Tawi-Tawi Unit noong 26 Oktubre 2015 na may 2,111 miyembro na mayroong kabuuang loan outstanding na 10.5 milyon at may perpektong *repayment rate*.

# CARD, inihahanda ang 2.8M miyembro sa ASEAN Integration

Ni RAFFY M. ANTES

Sa paghahanda para sa ASEAN Economic Integration na mangyayari ngayong 2015, ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), isang *social development organization,* ay bumuo ng isang education module tungkol sa ASEAN Integration para sa mahigit 2.8 milyong mga miyembro. Ito ay isasagawa sa kanilang mga lingguhang Credit with Education (CwE) sessions.

Nilalayon nitong ihanda ang mga kliyente ng CARD MRI sa ASEAN Economic Community at kung paano sila maging isang makabuluhang bahagi ng *integration*.

"Ang pagdating ng malalaking kompanya mula sa mga rehiyon ng ASEAN ay isang pangkalahatang pag-unlad na magdadala ng mas maraming kahusayan at mas mahusay na serbisyo sa mga kliyente. Nangangahulugan ito na magkakaroon ng malakas na kumpetisyon. Gayunman, dapat na maging handa pagkat ito ay maaari ding humantong sa *credit pollution*, pagpirata ng empleyado, at miyembro o kliyente sa ating bansa. Ngayong nalalapit na ang *integration*, nais naming maging handa ang CARD MRI para dito," pagbabahagi ni Dr. Aris Alip, founder at managing director ng CARD MRI.

Ang mas mataas na porsiyento ng mga miyembro ng CARD ay nasa sektor ng agrikultura at ang ilan ay nasa maliliit at katamtamang negosyo o SME. Ayon sa mga analysts, itong mga sektor na ito ay ang ilan sa pinakaapektado ng *integration.*

Ayon kay Alip, patuloy na magiging mas *innovative* ang CARD MRI at magbibigay ng angkop na mga pagsasanay sa mga miyembro at kawani nito.

Ang modyul, na binuo ng CARD-MRI Development Institute (CMDI), ang school of microfinance and development ng CARD MRI, ay binubuo ng apat na sesyon na lingguhang tinatalakay ng mga Account Officers (AO) sa center. Sa buwan ng Abril sa taong ito, ang CwE para sa ASEAN Integration ay magsisimula na at inaasahang matatapos sa Mayo o Hunyo.

"Ang mga pagsasanay ay may kaugnayan sa bawat pangangailangan ng mga kliyente bilang paghahanda. Tutulungan namin sila na pagandahin o bumuo ng kanilang sariling mga produkto upang ito'y maging *globally competitive*," dagdag pa ni Alip.

Ayon pa kay Nanay Francisca Fatima Baisa, isa sa mga *center chief* ng CARD sa Siquijor, ang mga sesyon na isinagawa ay sadyang may kaugnayan sa kanya at sa kanilang komunidad. "Nalaman ko na kung ang aming mga produkto ay hindi de-kalidad, hindi ito papatok sa merkado. Kahit nagbebenta lamang ako ng tinapay malapit sa mga paaralan, apektado rin ako sa *integration* na ito," dagdag pa Nanay Francisca.

Masaya si Nanay Francisca sa narinig na ang CARD ay muling magtatakda ng serye ng mga pagsasanay para sa patuloy na pagpapabuti ng kanilang mga negosyo.

# Higit 2,500 katao naabutan ng serbisyong pangkalusugan

Ni RAFFY M. ANTES

Higit sa 2,500 kliyente ng Microfinance Institutions (MFIs) sa Cebu ang nabiyayaan ng serbisyong pangkalusugan sa katatapos na *community health fairs* ng MFIs for Health sa Lungsod ng Lapu-lapu at Carcar, Cebu.

Ang MFIs for Health ay koalisyon ng 21 MFIs sa Pilipinas na naglalayong magkaloob ng mga serbisyong pangkalusugan sa kanilang mga kliyente bilang bahagi ng kanilang pag-unlad. Sa pamamagitan nito, magkakaroon ng *community health fairs* para ipunin ang mga miyembro ng MFIs at ang kanilang mga dependents para sa libreng medikal at dental na serbisyo.

"Kapag ang isang miyembro ng pamilya ay may sakit, nagdudulot ng domino effect. Kaya, ang buong sambahayan ang nakakabenepisyo sa programang ito at hindi lamang mga kliyente ng MFIs," tugon ni Marilyn M. Manila, tagapangulo ng MFIs for Health, nang tanungin kung sino ang puwedeng makabenepisyo sa programang ito.

Dagdag pa ni Manila na ang *microfinance* ay maituturing na isang instrumento sa pagsugpo ng kahirapan sa bansa. Kaya naman, hindi lamang mga serbisyong pampinansyal ang inihahandog ngayon ng mga MFIs pati na rin mga serbisyong pangkalusugan at marami pang iba.

"Ang hindi maayos na kalusugan sa pamilya ay nakakaapekto sa kakayahan ng bawat isa lalo na ang nasa small and medium enterprises. Ang sitwasyong ito ay hadlang upang matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan kung kaya nagagamit nila ang kanilang mga naipon o

Sundan sa pahina 5





**Sulit Remittance Rate**

| Amount | Rate |
|---|---|
| P1,000 - 6,000 | 3% |
| P6,001 - 9,999 | 2.5% |
| P10, 000 - 40, 000 | 250 fixed rate |
| P40, 001 and above | 1% |

*Available sa lahat ng CARD Bank branch nationwide

Matatag na Bukas sa Bawat Pamilya

CARD Bank, Inc.
A Microfinance - Oriented Rural Bank
A member of CARD MRI

www.cardbankph.com


## *Cambabang center...*

(mula sa pahina 2)

MRI Development Institute (CMDI), ang school of microfinance and development ng CARD MRI.

Ang *center chief* ng Cambabang, Si Nanay Lonie Estuita, ay nagpahayag din ng lubos na kagalakan dahil sa pagbisita ng mga media. "Binigyan nila tayo ng pag-asa. Kami ay umaasang makabubuo ng isang produkto gaya ng sabon dito sa aming center, kung saan ay papangalanan naming Cambabango Soap, hango sa pangalan ng aming *center*," dagdag pa ni Nanay Lonie.

Ang ideya ng pagpapangalan ng Cambabango Soap ay iminungkahi ni Newman.

# Tubig at Pito




Paulit-ulit ang mga paalala sa *tri-media* na tayo ay maging handa sa lahat ng panahon sa pagsapit ng mga sakuna. Subalit marami pa rin sa atin ang hindi handa kung pagbabatayan ang mga balitang nasugatan, malubha man o hindi, at namatay dahil sa sakuna.

Ang mga sakuna ay maaaring gawa ng tao tulad ng sunog, digmaaan, atbp, o gawa ng kalikasan tulad ng bagyo, lindol, atbp. Ang mga sakunang gawa ng tao ay karaniwang maiiwasan ngunit ang mga likas na sakuna ay nangyayari malimit sa panahong hindi natin inaasahan.

Hindi tulad ng bagyo, nagaganap ang lindol nang biglaan at walang babala. Maaaring kalkulahin batay sa mga tala nang nagdaang panahon kung ilang taon mauulit ang lindol sa isang lugar ngunit ang eksaktong petsa ay hindi tiyak.

Batay sa ulat tungkol sa "Earthquake Impact Reduction Study for Metropolitan Manila, Republic of the Philippines" noong 2004, ang ulit ng lindol sa West Valley Fault ay malapit na. Malaking bahagi ng Metro Manila ay nasa West Valley Fault. Tinatayang 34,000 tao ang mamamatay at 114,000 ang masasaktan dahil sa pagkasira ng mga tirahan. May 18,000 karagdagang tao ang mamatay sa sunog na sanhi ng magaganap na lindol.

Ang matitinding bagyo at mga kaugnay na *catastrophic event* ay nalalamang paparating sa pamamagitan ng syentipikong pamamaraan. Ang Super Typhoon Yolanda (kilala din sa International Codename Haiyan) ay natukoy bago pa ito bumagsak sa kalupaan ng Pilipinas. Kahit may babala ang PAGASA sa mga apektadong lugar, humigit-kumulang sa 10,000 tao pa rin ang mga nasawi. Maraming survivor na halos mahihirap ay hindi pa rin nakakabawi sa epekto ng trahedya simula nang dumaan si Yolanda noong 2013.

Bilang bansang malapit sa mga likas na sakuna at nakaranas ng matitinding trahedya, ang Pilipinas ay maraming natutuhan tulad ng maagang paghahanda. Ang Department of Science and Technology kung saan kabilang ang PAGASA ay may Project Noah Hazard Map na tumutukoy sa mga lugar na mapanganib sa baha, landslide at storm surge. Maging ang mga pribadong sektor ay nakikiisa sa pagkakalat ng mga impormasyon para kulitin ang publiko sa kahalagahan ng kahandaan sa mga panganib.

Dahil sa walang katiyakang lindol na maaaring mangyari anumang oras sa panahong ito, kinilala at ipinahayag na rin ng mga kinauukulan ang mga lugar na bumabaybay at malapit sa West Valley Fault na kung gumalaw ay magreresulta sa 7.0 magnitude na lindol. Lahat ng mga paaralang nasa ibabaw ng fault ay ipinahayag na rin upang makagawa ng tamang aksyon ngayon pa lamang at mabawasan ang dami ng mga masasaktan at mamatay ayon sa tantiya. Nagsasagawa na rin ng mga *earthquake drill*.

Ang pahayagang ito ay umaasang malawak na ang paghahanda at may ugnayan na ang lahat ng sektor pampubliko o pampribado man. Ang tantiya ng masasaktan at mamatay ay tunay na mapapabulaanan kung batid na ang gagawin at ang mga lugar na kung saan malaki ang potensyal ng matinding pinsala sa ari-arian o buhay ay naihanap na ng solusyon.

Ang lindol ay hindi isyung dapat pang pag-usapan, manapay dapat mayroon ng mga solusyon sa mga potensyal na problemang kaakibat nito tulad ng sunog, pagkaputol ng serbsiyo ng elektrisidad at tubig, kahirapan sa mga daraanan ng mga sasakyang maghahatid ng tulong, kakulangan ng mga ospital na pagdadalhan ng mga sugatan, at marami pang iba. Dapat maging mabilis ang pagkilos sa paghahanda. Hindi natin kailangang magsisisi o magsisihan sa huli.

Bawat isa sa atin ay dapat handa ang pag-iisip, damdamin at kasanayan sa pagliligtas ng sarili sa pagdating ng sakuna. Maraming mga mungkahing ang bawat sambahayan ay dapat may survival kit na naglalaman ng mga flashlight, baterya, ready-to-eat at di napapanis na pagkain, tubig, atbp. Pinakasimpleng bitbit tuwina ay pito at tubig.

May 50-65 porsiyento ng tubig ang katawan ng tao. Ang ating utak ay nagtataglay ng 85 porsiyento ng tubig. Ang *dehydration* o pag-unti ng tubig sa katawan ay maaaring maging sanhi ng kamatayan. Samakatwid, kailangan ng katawan natin ang patuloy na suplay ng tubig. Kahit walang pagkain, maaaring mabuhay tayo hanggang tayo ay mailigtas kung may tubig na iinumin kung sakaling mapailalim tayo sa gumuhong gusali.

Pito naman ang ating magagamit upang makatawag pansin sa mga rescuers maging tayo ay nasa ilalim ng guho o nasa tuktok ng bubong. May mga asong sinanay upang alamin sa pamamagitan ng amoy o pandinig ang kinaroroonan ng isang survivor. Panahon na upang gawin ang pitong simbolo ng kahandaan sa mga panganib.

SULONG!
Editorial Board

Dr. Enrique Navarro
**Editor-in-Chief**

Dr. Jaime Aristotle Alip
**Editorial Adviser**

Marilyn Manila
Cleofe Figuracion
**Managing Editors**

Cyrene Grace Lubigan
**Associate Editor**

Jeffrey Tandingan
Lynie Joy Ambatang
Raffy Antes
**Writers**

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kanyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahahalaga para sa inyo.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na *website* ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala sa e-mail sa cardmri.corpcomm@gmail.com o corpcomm@cardbankph.com.

## Mensahe mula sa Tagapagtatag at Tagapamahala ng CARD MRI

**DR. JAIME ARISTOTLE B. ALIP**



Sa tulong ng CARD MRI, maraming kababaihan ang patuloy na napagyayaman ang mga kakayanan. Mula sa mga simpleng *microentrepreneur,* sila ay patuloy na lumalago bilang mga tao, mga negosyante, at mga artist.

Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit pinasimulan ang Mga Likha ni Inay, Inc. (MLNI). Mula sa pagiging isang proyekto ng CARD-Business Development Foundation, Inc., ang MLNI ay naging isang hiwalay na institusyon kung saan naglalayon itong mapalapit ang mga produkto ng mga miyembro sa mas malaki at mas malawak na merkado.

Sa kasalukuyan ay mayroong limang *outlets* ang MLNI. Sa mga *outlet* na ito pinagsasama-sama ang mga may kalidad at kakaibang produkto mula sa iba't ibang bahagi ng bansa. Maaaring dito ninyo lamang matatagpuan ang mga produktong tulad ng *mango sauce, macopa jam*, mga accessories na gawa sa T'nalak, atbp. Mula sa komunidad ay sinusuri naming maigi ang mga produktong may potensyal na tangkilikin ng mga mamamayan.

Gayundin, patuloy kaming nagsasagawa ng mga *training* sa *product development* upang mas mapaganda pa ang mga produkto ng ibang miyembro upang makasabay sila sa mga mas malalaki at mas kilalang mga kompanya.

Isa pa sa mga istratehiya ng MLNI ay ang pagsasagawa ng mga *fashion show*. Nakapaglunsad na kami nito sa Laguna, Maynila, Cebu at Davao simula 2013. Sa pakikipag-ugnayan sa aming partner na Thin Thuong Microfinance Institution (TYM) – Vietnam Women's Union, Microfinance and Community Development Institute (MACDI), at Community Finance Resource Center (CFRC), nadala na rin namin ang mga likhang ito sa Hanoi, Vietnam noong 2014. Sa nalalapit na panahon ay nagagalak kami na mayroon pang ibang nakaplanong oportunidad upang muling mapakita ang mga produktong ito sa ibang bahagi ng bansa at ng mundo.

Naglalayon kami na sa pagdating ng panahon, ang MLNI ay patuloy na makapagbibigay daan upang mapalapit sa merkado ang mga nanay na aming binibigyang serbisyo. Hindi kami magsasawang mag-isip ng iba pang *marketing strategies* para ang mga de-kalidad at magagandang produktong ito ay makilala pa sa Pilipinas at sa buong mundo.

## *Higit 2,500 katao naabutan....*

**(mula sa pahina 3)**

kaya ay humiram sa mga nagpapautang na mataas magpatubo. Ito ang nagpursige sa MFIs for Health upang magbigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa kanilang mga kliyente," dagdag na ibinahagi ni Manila.

Lumahok sa nasabing health fair sa Cebu ang ASA Philippines Foundation, Inc., CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), KFI Center for Community Development Foundation, Inc. (KCCDFI), at Kabalikat Para Sa Maunlad Na Buhay, Inc. (KMBI).

Labing-apat na doktor, 10 dentista, kasama ang 40 volunteer nurses at BHW ng Carcar City ang nagsasagawa ng libreng konsultasyon, *medical check-ups*, at mga serbisyong dental. Ang mga gamot na ipinamahagi sa health fair ay libre sa lahat.

Pinangunahan ng BotiCARD Inc., isang pharmacy at miyembrong institusyon ng CARD MRI, ang pamamahagi ng mga gamot.

Ayon kay Dr. Shiela Santillan, ang MFIs for Health ay isang napakagandang adbokasiya. "Dapat na malaman ng tao na maraming organisasyon tulad ng MFIs ang nagtatrabaho kasama ang mga doktor sa bawat komunidad upang maghatid ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga mahihirap. Kami ay tunay na masaya na naging bahagi ng adbokasiyang ito," dagdag pa niya.

Ang MFIs for Health ay nakapagsagawa na ng 19 na *community health fairs* sa buong bansa kung saan 24,415 Pilipino na ang nagbenepisyo simula sa pagkatatag nito noong Agosto 2012.






## *Konsyerto ng mga Kuliglig*

*Kailan ko ba huling narinig*
*ang sabayang himig*
*ng mga kuliglig?*

*Ako'y batang paslit*
*nang unang maakit*
*sa konsyerto ng mga kuliglig.*

*Simula mahina sa pandinig*
*lumalakas unti-unti, yugto-yugto*
*ngunit kawili-wiling himig.*

*Dahil sa bukto't nating gawi*
*mga punong kung saan*
*sila'y naglalagi ay laon nang sawi.*

*Nasaan na kayo mga kuliglig?*
*Sa inyong nakakahalinang awit.*
*tunay na ako'y nananabik.*

**Ike Navarro**

## *Tunay na Pagpapahalaga*

**REPLEKSYON**
Ni JEFFREY C. TANDINGAN

Madalas, ang katotohanan ang totoong nakasasakit sa tao. Ang katotohanan na hindi kayang panghawakan at tanggapin ng karamihan. Kung kaya't marami rin sa atin ang takot o binabalewala na lamang ang pagsasabi nito sa mga taong nakapaligid sa atin.

Iilan na lang sa atin ang kayang magpakita ng tunay na pagmamahal. Pagmamahal na tumutulong upang mapabuti ang isang tao, na maituwid ang ugaling nabaluktot. Pagmamahal na hindi matatakot na magsabi ng katotohanan kahit kapalit nito'y maaari silang masaktan.

Hindi natin sila kayang saktan ngunit hinahayaan nating silang mamuhay sa kamalian. Hinahayaan natin silang pagtawanan at higit sa lahat, mahusgahan ng sinuman. Marami kasi sa atin ngayon ang magsasabing mahal ka ngunit kinukunsinti ka sa mga maling gawain. May mga kaibigang makikitaan ka na ng muta sa iyong mga mata ngunit walang balak na ipaalam pa sa iyo. Ang susunod na pangyayari, pagtatawanan ka ng ibang makakakita. Hindi sinabi kasi nahihiya. Hindi sinabi kasi natatakot. Hindi sinabi kasi wala siyang pakialam sa mga susunod na mangyayari sa iyo. Alinman ang ating kadahilanan, mali na hindi natin sinabi.

Mas higit na mainam pa rin ang magsabi ng katotohanan kahit na alam mong ito'y may dalang sakit kumpara sa paglilihim na ang dala'y panandaliang kaayusan sa iyong isipan. Ganoon din, mas maganda ang manaway at magpaalala sa kaibigang nagkakamali kaysa hayaan mo na lang siyang maligaw at hindi na muli pang makabalik. Dahil sa simula pa lang, kapag hindi mo sila natulungang itama ang pagkakamali, mas masakit at mahapdi ang magiging dala nito sa hinaharap.

Kalimitan, sa sulok na bahagi ng pahayagang ito, ayon sa ilang mambabasa na aking nakakausap, ay may kaunting sakit, kaunting kirot silang nararamdaman. Marahil ay naaalala ng mga taong ito na, "Ah, ito nga pala ang totoo. Nagkamali nga ako." Hindi ko naman maikakailang maging ako ay kabilang sa mga taong nakararamdam ng sakit na ito.

Naaalala lang kasi natin ang totoo kung may isang taong magpapaalala. Ang mga nakasulat sa bahaging ito ay hindi bagong kaalaman. Alam na alam naman kasi natin ang katotohanan. Hindi nga lamang sentro ng ating buhay ang mga ito.

Takot din naman ang aking nararamdaman sa pagsusulat ko ng sanaysay na tulad nito. Takot na baka hindi nila maintindihan. Takot na baka ako ay mahusgahang nagmamarunong. Ngunit patuloy lang. Mas maiging may mga taong nagpapaalala, nananaway, nagsasabi ng totoo kahit masakit kasi alam mong may nagmamalasakit.

Bagama't maikli lamang ang epekto ng sanaysay na ito sa mga taong nakapagbabasa ng seksyong ito at hindi itong mga nakalimbag na mga salita ang babago upang mapabuti ang mga tao, alam kong kahit papaano, ay muling nakapagpapaalala sa inyo, maging sa aking sarili mismo na nalilihis tayo sa katotohanan.

Sana sa maikling sanaysay na ito, tanggapin natin nang buong-buo ang katotohanan at mag-alay ng tunay na pagmamahal sa ating pamilya, kaibigan, at sa ating kapwa-tao sa pamamagitan ng pagtutuwid ng baluktot na pag-uugali. Ayon nga sa Kaniya, "Ang Katotohanan ang magpapalaya sa bawat isa." Maging tapat sana tayo sa kanila kahit masakit at maluwag naman natin itong tanggapin at lawakan ang ating pang-unawa. Ito ang makabubuti para sa atin. Dahil kapag may mga taong ganito sa atin, alam nating may totoong kaibigan sa tabi natin.

## TALAMALIAN

Sa aming Sulong Tomo 2 Bilang 2, nalathala namin ang isang artikulong pinamagatang "Sining ng isang munting bata" sa pahina 5 hanggang 6. Sa proseso ng pagsasalin sa Tagalog mula sa orihinal na artikulo na isinulat sa Ingles, nagkaroon ng ilang pagkakaiba sa mensaheng nais iparating ng manunulat at sa pagsasalin ng translator.

Ninanais ng aming pahayang i-wasto ang ilang nalathalang pangungusap sa:

*Page 5, unang tudling, unang pangungusap ng unang talata*
Sa murang edad ng aking mga anak na sina Nathanael, pitong taong gulang, at Angela Liz, apat na taong gulang, ay pinakilala ko na sila sa mundo ng sining. Isa sa mga unang bagay na binigay ko sa kanila ay matatabang krayola at malalaking lapis.

*Page 5, pang-apat na tudling, pangalawang talata*
Lubos ang aking kagalakan sa mga munting sining ng aking mga anak. Sa pagdaan ng panahon, alam kong marami pa silang matututunan upang lalo pang mapagbuti ang kanilang talento sa sining.

Ipinapaabot ng aming pahayagan ang paumanhin kay Gng. Analeen Suelto, ang manunulat ng nasabing artikulo.

# CARD MRI Bloodletting, nakalikom ng 14 na bag ng dugo

Ni RAFFY M. ANTES

Umabot sa labing-apat na bag ng dugo ang nakolekta sa naganap na *bloodletting project* na pinangunahan ng CARD MRI sa pakikipagtulungan ng Philippine National Red Cross (PNRC) noong Mayo 30, 2015 na ginanap sa main office ng CARD MRI sa San Pablo City, Laguna.

Ang proyektong bloodletting ng CARD MRI ay ginagawa tuwing ikaanim na buwan bilang suporta sa adbokasiya ng PNRC. Isa rin itong pamamaraan ng CARD MRI upang magbigay ng tulong sa lahat ng miyembro at kawani sa panahon na kailanganin nila ang dugo.

Ang mga *blood donors* ay mga empleyado at kliyente ng CARD MRI. "Maraming tao ang dumating upang magbahagi ng dugo pero may mga hindi kwalipikado dahil sa taas ng kanilang blood pressure. Gayunpaman nagpapakita lamang ito ng magandang pagtugon ng mga taga San Pablo pagdating sa blood donation," wika ni Rosemarie Anne Montiel, Nurse Phlebotomist ng Red Cross San Pablo Chapter.

Ayon kay Montiel, patuloy silang nakikipag-ugnayan sa mga organisasyon para maisagawa ang *bloodletting activity* upang dumami pa ang matulungang mga tao sa buong komunidad.

"Nangangailangan noon ang aking ama ng dugo at napakahirap para sa amin ang humanap ng *blood donors*. Nag-volunteer ako, at simula noon ay naging *regular donor* na ako," pag-alala ni Ariel De Villa, isang *galloneer* at empleyado ng CARD MRI.

Sinabi naman ni Manila na sa bawat dugo na ating ibinibigay nagkakaroon ng pag-asa ang isang taong mabuhay. Ang isang bag ng dugo ay katumbas ng 450 cc ng dugo na kayang makasalba ng tatlong buhay, ayon sa *blood facts and statistics* ng American Red Cross.

Ito na ang ikatlong *bloodletting activity* na isinagawa ng CARD MRI simula noong Nobyembre 2013 at matagumpay na nakalikom ng humigit-kumulang 66 na *bags* ng dugo na naipasa sa PNRC.

Ang CARD MRI ay magsasagawa ng ikaapat na *bloodletting activity* sa darating na Disyembre taong kasalukuyan.

# CARD MRI, pinagyayaman ang kakayahan ng kabataan

Ni RAFFY M. ANTES

Isinagawa ng CARD MRI ang ikaapat na taunang pagtitipon-tipon ng mga CARD scholars sa CARD-MRI Development Institute (CMDI) noong nakaraang 22-24 ng Mayo 2015. Nilahukan ng 119 na iskolar ng organisasyon mula sa iba't ibang probinsiya sa Luzon ang nasabing pagtitipon na tinatawag na "Pagbulas IV" na may temang "Youth and Volunteerism."

Si Franz Josef Hipol, ang Movement Building-North Luzon Team Leader ng Gawad Kalinga, ay nagbigay ng inspirasyon sa mga iskolar para sa pagtatamo ng inaasam na pagbabago. Binuksan niya ang kamalayan ng mga nakibahagi sa pagtitipon kung papaano sila makatutulong sa bansa. Nakilahok din ang mga iskolar sa iba't ibang aktibidad na makatutulong pa sa kanila upang maging responsableng kabataan.

Upang madagdagan pa ang inspirasyon ng mga iskolar, inanyayahan sina Cynthia Baldeo, ang Executive Vice President ng CARD SME Bank, Inc. at May Dawat, ang General Manager ng CARD MBA, Inc. upang ibahagi ang kanilang naging paglalakbay sa CARD MRI. Si Raffy Antes ng Corporate Communications ng CARD MRI at si Kelvin Junos ng CARD MBA ay nagbahagi rin ng kanilang karanasan bilang iskolar at bilang bahagi ng CARD MRI na tumutulong upang mapaunlad ang bansa.


Inanyayahan din sina Mylene Derequito ng Population Commission ng San Pablo upang magbigay ng sesyon tungkol sa maaagang pagbubuntis ng kabataan at Alexis Janolino ng Philippine National Red Cross ng San Pablo para naman sa kahandaan sa panahon ng sakuna. Naglalayon itong itaas ang antas ng kamalayan ng kabataan sa ganitong klase ng usapin.

Samantala, nagbigay ng tatlong payo ang tagapagtatag at tagapamahala ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip sa kabataan, "Una, anuman ang gusto nating marating sa hinaharap, kailangan magsimula sa isang pangarap. Magsimula tayong mangarap at huwag natin itong pakakawalan bagkus ito ay ating panghawakang mabuti; Pangalawa, huwag tayong makukuntento sa 'sapat lang.' Dapat ay gawin natin ang ating pinakamahusay na magagawa; At pangatlo, gawin natin ang mga bagay na ginagawa natin nang may pagmamahal."

Ang Pagbulas ay isang paraan upang mas makilala pa lalo ng kabataan ang kanilang sarili at mahubog ang kanilang mga kakayahan. Isang pamamaraan din ito ng CARD MRI upang makatulong na humubog ng isang produktibong grupo ng kabataan na may malawak na kaalaman.

"Nakita namin ang kahalagahan ng edukasyon upang labanan ang kahirapan. Milyon-milyon sa ating kabataan ngayon ay nagnanais na makapagtapos ng pag-aaral ngunit hindi nabibigyan ng pagkakataon dahil sa kahirapan. Ang pagbibigay sa ating kabataan ng isang pormal na edukasyon ay isang malaking hakbang upang masugpo ang kahirapan sa ating bansa," ang sabi ni Marilyn Manila, ang Director ng Community Development Group ng CARD MRI.

Nakilahok din ang mga iskolar sa Hijos de San Pablo Program ng CARD MRI. Nilalayon nitong ipakilala ang mayamang kasaysayan ng lungsod ng San Pablo at ang turismo nito. Sa maikling tour na ito, naintindihan nila ang dahilan kung bakit patuloy na tinatangkilik ang mga serbisyo ng CARD MRI lalo't higit ng kababaihan sa bansa.



# Microfinance Institutions, patuloy sa pagbibigay serbisyong pangkalusugan sa komunidad

Ni JEFFREY C. TANDINGAN

Pinirmahan ng 21 Microfinance Institutions (MFIs) sa bansa ang Memorandum of Agreement (MOA) na maglalapit ng mga serbisyong pangkalusugan sa mahihirap na komunidad noong nakaraang Mayo 15, 2015 sa AIM Conference Center Manila (ACCM) sa Lungsod ng Makati.

"Ang pagtulong sa mahihirap sa pamamagitan ng pagpapahiram ng pangkapital sa negosyo ay importante upang labanan ang kahirapan. Ngunit hindi ito sapat upang matamo natin ito. Ang mahinang kalusugan at ang hindi pagkakaroon ng maayos na serbisyong pangkalusugan ay isang malaking dahilan nang patuloy na kahirapan sa bansa. Mahalaga sa mga miyembro ng MFIs ang pagkakaroon ng malusog na pangangatawan upang patuloy nilang maiangat ang antas ng kanilang pamumuhay," bahagi ni Marilyn Manila, ang Chairperson ng MFIs for Health. Ang MFIs for Health din ay naglalayong bumuo ng matatag na samahan ng mga MFIs para masolusyunan ang kakulangan ng maayos na serbisyong pangkalusugan sa bansa.

Kabilang sa 21 MFIs na pumirma sa MOA ay ang ARDCI NGO Group, Inc., ASA Philippines Foundation Inc., Alalay Sa Kaunlaran Inc., Bangko Kabayan Inc., Bukidnon Integrated Network of Home Industries, Inc., CARD Bank, Inc., Center for Agriculture and Rural Development (CARD), Inc., CARD SME Bank, Inc., Center for Community Transformation, Community Economic Venture, Inc., Daan Sa Pag-Unlad, Inc., Kabalikat Para Sa Maunlad Na Buhay Inc., KFI Center for Community Development Foundation, Inc., LifeBank Foundation, Negros Women for Tomorrow Foundation, Inc., Pag-Inupdanay, Inc., Rizal Bank, Inc., Rural Bank of Talisayan-Mutual Benefit Association and Fonus Multipurpose Cooperative (MFI), Inc., Taytay Sa Kauswagan, Inc., Tulay Sa Pag Unlad, Inc., at USWAG Development Foundation, Inc.

Ang nasabing pirmahan ay nasaksihan din nina Senador Paulo Benigno "Bam" Aquino at Atty. Alexander Padilla, ang presidente ng Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth).

Ayon kay Atty. Padilla, patuloy na pagbubutihin ng PhilHealth ang kanilang serbisyo upang makatulong sa mahihirap. Kinilala rin niya bilang kasangga ng PhilHealth ang MFIs for Health para mabigyan ng proteksyong pangkalusugan ang lahat ng Pilipino.

"Malaki na ang iniunlad ng industriya ng microfinance sa paglipas ng panahon. Ang paglaki ng industriya ay nangangahulugang lumalaki rin ang bilang ng sinusuportahan nitong mga Pilipinong nangangailangan. Napakaimportante para sa mga MFIs na patuloy na bumuo ng alyansa tulad ng MFIs for Health at magbukas ng iba't ibang klaseng oportunidad na ihahatid sa ating kababayan lalo't higit sa mga mahihirap na komunidad," malugod na pagbabahagi ni Senador Aquino. "Dapat ay magtulong-tulong tayo. Makasisiguro kayo na ako ang magiging kinatawan ninyo sa senado," dagdag pa niya.

Sina Prof. Ernesto Garilao, ang Presidente ng Zuellig Family Foundation, Allan Robert Sicat, ang Executive Director ng MCPI, Camille Rivera, ang Senior Program Associate ng Micro Credit Summit (MCS) Campaign, at Steve Hollingworth, ang Presidente ng Freedom from Hunger (FFH) ay dumalo rin at nagbigay ng mensahe ng pagsuporta sa MFIs for Health.

Ang tagapangasiwa at tagapagtatag ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip ay nagagalak sa suportang ibinigay ni Senador Bam, PhilHealth, at ng mga lokal at internasyonal na institusyon sa mga gawain ng MFIs na abutin ang mga komunidad na bibihira ang pumapasok na oportunidad. "Nagpapasalamat ako sa iba't ibang institusyong naniniwala na ang pagsasama ng microfinance at ang serbisyong pangkalusugan ay makatutulong upang maiangat ang kalidad ng pamumuhay ng mga Pilipino," masayang pagbabahagi ni Dr. Alip sa lahat ng sumusuporta sa MFIs for Health.

Noong 2006, nagsanib ang FFH at CARD MRI para sa pagtupad ng Microfinance and Health Protection (MaHP) Program. Ang pagsasama ng dalawang organisasyon ay nagpatuloy dahil sa kagustuhang nilang abutin ang mga Pilipino upang hatiran sila nang maayos na serbisyong pangkalusugan. Taong 2013, sa pangunguna ng CARD, 18 MFIs sa bansa ang pumirma ng MOA upang isama ang serbisyong pangkalusugan sa mga programang ibinibigay ng mga MFIs sa mga miyembro nito. Ito ay inasahang makatutulong sa 4.3 milyong mga miyembro ng MFIs. Dahil sa malawak na sakop ng MFIs, maraming Pilipino ang kaya nitong hatiran ng tulong.

Ngayong 2015, ang 18 MFIs ay naging 21 upang maghatid ng serbisyong pangkalusugan sa mga komunidad na hindi naaabot nang isang maayos at pormal na serbisyong pangkalusugan. Sa pag-aanib ng mga MFIs, mas maraming Pilipino ang matutulungan ng mga ito upang mapabuti ang kalusugan sa bansa.






# Kauna-unahang fun run, isinagawa ng CARD Bank

**ni JEFFREY C. TANDINGAN**



5K individual runners



3K family runners

Nagsagawa ng kauna-unahang *fun run* ang CARD Bank para sa kabataan, kanilang pamilya at para sa komunidad. Ang Maagap Fun Run 2015 na may temang "Takbo Tungo sa Magandang Simula ng Matagumpay na Bata" ay isinagawa noong Mayo 23, 2015 sa SM City San Pablo. Ang *fun run* ay naglalayong maturuan ang mga nakilahok, higit sa lahat ay ang mga bata, sa kahalagahan ng pag-iimpok.

Binigyang diin ni Dolores Torres, presidente ng CARD Bank, ang kahalagahan ng pag-iimpok. "Tutunguhin din ng ating mga anak ang daan kung saan tayo naroon ngayon. Dapat ay ihanda na natin sila habang sila ay bata pa sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng kahalagahan ng pagtitipid at wastong pag-iimpok ng pera para sa magandang bukas na kanilang haharapin," bahagi ng presidente.

Ang nasabing *fun run* ay pinangunahan ng mga *executive committee member* ng CARD MRI. Anim na daan at limampu't dalawa mula sa San Pablo at mga karatig bayan ang nakilahok sa nasabing *fun run*.

Nagbigay din ang CARD Bank ng isang maikling *financial literacy seminar* sa mga nagsilahok. "Ang *fun run* na ito ay hindi lamang isang kaganapan upang magkaroon ng *family bonding* ang bawat pamilya kundi upang pasibulin rin ang kaugalian ng pag-iimpok ng pera sa mga bata," ang sabi ni Gng. Torres.

Ang mga nakilahok sa 3K family run ay binigyan ng "CARDEE" *cash* na maaaring gamitin sa pagbili ng inumin. Dapat hayaan ng mga magulang o magulangin na gumawa ng sariling desisyon ang mga bata kung paano gagastusin ang "CARDEE" *cash*. "Sa pamamaraang ito, nais naming mag-iwan ng aral sa mga bata. Nais naming maunawaan nila ang kaibahan ng pangangailangan at mga naisin. Ang mga magulang ay nagtatrabaho upang mabigyan tayo ng magandang kinabukasan. Dapat ay alam natin kung paano gagamitin ang ating pera nang tama," pagtuturo sa mga bata ni Guada May Brion, ang marketing manager ng CARD Bank.

Samantala, Ang mga batang hindi ginamit ang "CARDEE" *cash* ay binigyan ng premyo dahil sa ipinakitang pagtitipid. Ang mga nakilahok sa *fun run* ay binigyan ng Maagap Gift Card (MGC) na nagkakahalaga ng PhP120.00 na maaaring gamitin sa pagbubukas ng Maagap Savings Account o kaya ay pwedeng i-deposito kung mayroon ng ganitong klase ng *savings account*. Ang iba namang nakilahok ay ibinigay ito sa mga bata upang makapagsimula silang makapag-impok ng pera sa bangko. Ang *fun run* na ito ay isang programa ng Maagap Saver's Club. Ito ay isang eksklusibong *membership club* ng mga batang may Maagap Savings Account na naglalayong hubugin ang tamang kaugalian pagdating sa pag-iimpok. Dito rin natututo ang mga bata kung paano nila pamamahalaan ang kanilang salapi upang maiwasan ang pagiging magastos.

Tumulong din ang CARD Mutually Reinforcing Institutions tulad ng CARD Leasing and Finance Corporation, CARD Pioneer Microinsurance Inc., at Mga Likha ni Inay, Inc. para sa ikatatagumpay ng nasabing aktibidad. Mayroon ding mga pribadong kompanya na labas sa CARD MRI ang tumulong tulad ng CaféLandia, Café Gran Kaldi, SM City San Pablo, Blue Steel, at Universal Robina Corporation (URC). Sa pagtatapos ng *fun run*, nagbigay ang CARD Bank ng mga papremyo para sa mga nagsipagwagi sa iba't ibang kategorya.

Patuloy na bubuo ang CARD Bank ng mga programa at aktibidad na makatutulong sa pagkamit ng misyon ng CARD MRI na sugpuin ang kahirapan. Napagtanto ng CARD Bank na kapag ang isang bata ay natutong mag-impok ng salapi, malaki ang pagkakataon na maganda ang bukas na naghihintay sa kanila.

Experience the **JOY** to work with people

Live the **PASSION** to help people improve their lives

Have the **HEART** to serve others

**J O I N U S**

and be part of our 7,000-strong staff adhering to our core values of competence, culture of excellence, integrity, family spirit, humility and simplicity. We sustain the lives of our 2 Million clients during uncertainties. We create positive changes in the 57,000 community groups that we serve. We are a dynamic workforce dedicated to empower 5 Million Filipinos by 2015.

**AVAILABLE POSITIONS**

**PROJECT MANAGERS**

**Position Requirements**

☑ Must be at least a Bachelor's/College degree, Computer Science/Information Technology or equivalent
☑ At least three (3) years of working experience as Project Manager for IT Projects
☑ Strong leadership to manage project team, good negotiation and analytical problem solving skill
☑ Preferably with Banking and/ or Accounting experience
☑ Able to work under required time and pressure Well -organized, flexible, proactive and give attention to details

**Essential Functions**

☑ Direct and manage project development from beginning to end
☑ Define project scope, goals and deliverable that support business goals in collaboration with senior management and stakeholders
☑ Effectively communicate project expectations to team

**SYSTEM ANALYSTS**

**Position Requirements**

☑ Must be at least a Bachelor's/College degree, Computer Science/Information Technology or equivalent
☑ At least five (5) years of working experience in a related field is required
☑ At least two (2) years solid experience with System Development Life Cycle ( SDLC) exposure
☑ Must have good technical and business analytical skills
☑ Preferably with Banking and/ or Accounting experience
☑ Ability to manage multiple projects; ability to lead other System Analysts
☑ Able to work under required time and pressure
☑ Well -organized, flexible, proactive and give attention to details

**Esential Functions**

☑ Document the processes of the business in its current state and make recommendations for software systems that will support and improve the flow of work in the business

**APPLICATION DEVELOPERS**

Must be at least a Bachelor's/College degree, Computer Science/Information Technology or equivalent. If graduate of two (2) years course, at least with two (2) years work experience. Language required: Java, PHP, VB.net. MS SQL database

The application developer's role is to code, test, and analyze software programs and applications. This includes researching, documenting, and modifying software specifications throughout the application life cycle. The application developer will also analyze and amend software errors in a timely and accurate fashion and provide status reports where required.

**GENERAL QUALIFICATIONS**

☑ Male (single/married) or Female (must be single)
☑ With pleasing personality and excellent in interpersonal skills
☑ With competent oral and written communication skills
☑ Computer literate
☑ Must be willing to be assigned in any area of CARD operations
☑ Not related to any CARD employees (except for CARD Scholars)

**REQUIREMENTS**

☑ Resume with recent 2x2 picture (white background)
☑ Application letter
☑ Photocopy of Transcript of Records

All interested applicants are invited to apply in any CARD offices near you!

For inquiries, contact
CARD MRI HRD Office at: (049) 562-4309

CARD MRI is a group of institutions that provides community development services including microfinance, microinsurance, capacity-building and other social development services to poor women and their families. It operates nationwide.

CARD MRI
CARD Mutually Reinforcing Institutions

